



Year 2014...

February 13, 2014 ay wedding anniversary ni Sarah at ng asawa na si James. Tinuturing niya itong isang achievement sa buhay dahil ngayon ay ang ikalimang taon na nila bilang mag-asawa. Hanggang ngayon ay wala pa din silang anak, ito ay personal niyang desisyon dahil hindi niya kayang harapin ang napakalaking responsibilidad na kaakibat ng pagpapalaki ng sarili niyang anak. Iginagalang naman ng kanyang asawa ang desisyon na ito, na hindi muna magkaroon ng anak kahit na alam niyang gustong-gusto nitong bumuo ng sarili nilang pamilya.

Hindi naman niya kailangang magmadali dahil bata pa naman sila pareho ng asawa. Magkasing-edad lamang sila at twenty-six. Naunang makatapos sa pag-aaral si James, sa kursong Business Management. Si Sarah naman ay hindi na nagawang makapagtapos dahil sa



desisyon niya na suportahan ang kanyang asawa at maging isang full-time housewife.

Nagpakasal sila kahit na lubos ang pagtutol ng mga magulang niya sa lalaking iniibig, kaya naman sa araw ng kanilang kasal ay wala ang mga ito. Simula noon ay wala na siyang komunikasyon sa mga magulang na sobra niyang ikinalungkot at naging dahilan ng paminsan-minsang tampuhan nila ni James. Ito ang naging kapalit ng pagsasama nilang dalawa, itinakwil siya ng mga magulang dahil gusto ng mga ito na pakasalan niya ang lalaking pinili ng kanyang ama.

Dahil sa labis na pagmamahal niya kay James ay nagtanan sila at ngayon nga ay tahimik silang namumuhay.

Minsan ay tinatanong ni Sarah ang sarili kung tama ba ang naging desisyon niya. Kung siya ba ay naging masaya sa naging desisyon. Alam niyang hindi niya kayang mamuhay nang wala ang minamahal sa piling niya, kaya naman sigurado siyang masaya siya sa kanilang pagsasama.



Alas diez na ng gabi at hindi pa rin umuuwi

ang kanyang asawa. Nalipasan na siya ng gutom sa pag-aantay dito, malamig na ang menudo na kanyang niluto maging ang pasta sa spaghetti ay matigas na rin. Ang kandilang dalawang dangkal ang haba ay naupos na rin at tila hindi na naantay pa ang pagdating ni James.

Kinabahan na si Sarah dahil bihira lamang itong umuwi ng ganitong oras, kung mapapagabi man ay agad siya nitong ite-text. Alam niyang nagpapakapagod si James sa pagtatrabaho para ipamukha sa mga magulang niya na kaya siya nitong buhayin at kaya nitong ibigay ang luho na nakasanayan niya.

Napatayo si Sarah sa malakas na pagbukas ng front door at tumambad sa kanya ang pasuray-suray na anyo ng asawa. Ngayon niya lang ito nakita na lasing na lasing, kaya agad niya itong inalalayan nang makita na halos madapa na ito sa paekis-ekis na paglalakad.

Inihiga niya ito sa maliit na sofa sa sala, kung saan ang paa nito ay lumagpas na. Umuungol na ito sa sobrang kalasingan. Kumuha siya ng towel at binasa iyon ng malamig na tubig para ipunas sa mukha ni James nang sa gayon ay mahimasmasan naman ito kahit papaano.



Nakaupo siya sa tabi nito nang siya ay hilahin at siniil sa isang marahas na halik. Pilit siyang nagpupumiglas mula sa mapagparusa nitong mga halik, ilang beses niyang hinampas ang dibdib nito, pero hindi pa rin siya makawala dito kaya kinagat niya ang labi nito na agad na dumugo. Naitulak siya nito nang malakas, marahil nasaktan sa ginawa niya. Dahil dito ay nasubsob siya sa sahig.

“Ano ba, Sarah!” asik ni James na sinipsip ang dugo mula sa nasugatang labi nito.

Hindi niya magawang sumagot dito, bagkus ay napahagulgol siya sa ginawa ng kanyang asawa, ngayon lamang ito naging marahas sa kanya kung kailan pa anniversary nila. Hindi niya alam kung ano ba ang naging problema nito at ganito na lamang kung parusahan siya.

Litong-lito siya sa ikinikilos ng lalaki. Nitong nakaraang mga buwan ay naging madalas ang kanilang pag-aaway, pero sa sigawan lamang nauuwi ito at mayamaya lamang ay magbabati na sila. Ngayon lang siya nagawang saktan ni James nang ganoon, kaya hindi siya makapagsalita sa nangyari.

Sa pagtayo ng asawa ay hinawi pa siya nito na

lalo niyang ikinasubsob.

“What is this?” patukoy nito sa ayos ng lamesa maging sa pagkaing naroroon.

“Don’t you remember?” sikmat niya.

“What?” iritable nitong sagot.

“I-it’s our anniversary,” mangiyak-ngiyak niyang tugon.

Bigla namang umamo ang mukha ni James at agad siyang nilapitan at tinulungan sa pagtayo. Hinila siya nito at dinala sa hapag-kainan. Nagsimula itong kainin ang mga niluto niya. Tahimik nilang pinagsaluhan ang pagkain sa lamesa.

“I’m sorry, Sarah. I never meant to do any of that,” patukoy nito sa pagtulak sa kanya.

“Ano ba ang problema, James? Bakit umuwi kang lasing?”

“Sarah, patawarin mo ako,” pagmamakaawa nito sa kanya.

Matinding kaba na ang nararamdaman niya sa ikinikilos ng asawa.

“James, paano kita patatawarin kung hindi ko naman alam ang ginawa mo? Please tell me...”

Tumayo ito at siya ay niyakag na maupo sa sofa. Makailang beses din itong huminga nang



malalim bago hinawakan ang mga kamay niya. Hinaplos nito ang kanyang pisngi at mataimtim siyang tinitigan.

“I... I got fired today, Sarah. I’m sorry you do not deserve a failure like me. You do not deserve this life that I’ve put you in and I don’t deserve you...” naluha nitong pahayag na ngayon ay nakaluhod na sa harapan niya.

Alam niya kung gaano kasakit sa lalaki ang hindi maibigay ang mga bagay na nakasanayan niya, pero kahit na anong sabi niya dito na mas gusto niya ang buhay niya ngayon ay hindi ito kailanman naniwala sa kanya. Kaya ngayon na nawalan ito ng trabaho, alam niya na itinuturing ng asawa iyon na isang malaking kapalpakan at kapabayaan. Isang kaganapan na inaasahan na mangyari ng mga magulang niya.

Ang buhay na ipinaramdam nito sa kanya ay malayong-malayo sa nakasanayan niya. Mayaman ang kanyang pamilya kung saan hindi na niya kinailangang kumilos para gumawa ng gawaing-bahay.

Sa piling ni James, ngayon niya lamang nagawang maglaba, magluto, mamalantsa at gawin ang lahat ng gawaing-bahay. Maluwag

naman niyang tinanggap ang mga iyon, dahil hindi niya kaya na mabuhay nang wala ang asawa.

Pero hindi matanggap ng kabiyak niya na hindi nito kayang ibigay ang lahat sa kanya. Sinisisi nito ang sarili kung bakit naghihirap siya ngayon.

Sa pagsusumikap nito na maibalik ang buhay na nakasanayan ay halos hindi na sila magpang-abot na gising dahil sa madalas nitong pag-overtime.

“Sarah, ibabalik na kita sa mga magulang mo. Hindi na kita kayang pasayahin. Kahirapan lang ang maibibigay ko sa ’yo.”

Hindi niya kayang pakinggan ang mga sinasabi nito.

“James, please, we can do this... together. Kaya natin ito, pagsubok lamang ito.”

“Nakikita ko ’yung paghihirap mo sa piling ko, Sarah... kaya, please, umuwi ka na sa mga magulang mo hangga’t hindi pa huli ang lahat.”

Nanubig ang kanyang mga mata. “Hindi mo na ba ako mahal, James?”

“Mahal na mahal kita, pero hindi ko kayang ibigay ang magandang buhay na ipinangako ko sa



iyo. Please, Sarah, makinig ka sa akin.”

“Ayoko, James! Hindi ko kayang mabuhay kapag wala ka!”

“Nakausap ko ang parents mo, s’abi nila tatanggapin ka nila basta hindi na ako muling magpapakita pa sa ’yo.”

“Ikaw ang buhay ko, James. Please...”

“Susunod ka sa akin, Sarah. Bukas na bukas din ay ihahatid kita sa mga magulang mo!”
singhal nito.

Nagtatatakbo siya papalabas ng kanilang bahay. Hindi na niya kayang pakinggan pa ang asawa, hindi niya kayang pakinggan ang pagsuko nito ngayon. Ipinaglaban niya ito! Itinakwil siya ng mga magulang para dito pagkatapos ngayon ay gusto siya nitong ibalik muli sa mga ito.

Isang malakas na busina ang narinig ni Sarah nang hindi niya mapansin ang isang kotse na mabilis ang pagpapatakbo. Pero hindi niyon napigilan ang pagnanais niyang lumayo kay James, ipinagpatuloy niya ang pagtakbo.

Bumuhos ang malakas na ulan. Dahil sa walang tigil na pagtulo ng luha ay halos wala na siyang makita sa dinadaan. Muli niyang naisip ang mga bagay at ang mga tao na ipinagpalit para

makasama ang lalaking mahal niya.

Hinihiling niya ngayon na sana ay hindi na niya nakilala pa ang asawa, na sana bumalik ang panahon para mabago ang mga naging desisyon niya sa buhay.

Isang malakas na kidlat ang nagpahinto sa kanyang pagtakbo.

“Sarah, please... I’m sorry, stop running away from me!” sigaw nito habang tumatakbo papalapit sa kanya. “Sarah, I love you! I’m sorry!” pahabol pa nito.

Nang mapansin niyang malapit na si James ay mabilis siyang tumakbo.

Isang nakasisilaw na liwanag ang nagpahinto sa pagtakbo niya, awtomatikong tumakip ang kanyang mga braso sa mga mata para iwasan ang nakabubulag na silaw mula sa isang paparating na sasakyan, na tiyak niyang bubunggo sa kanya. Isang malakas na kidlat muli ang lumangitngit sa kalangitan.

“Sarah!” narinig pa niyang sigaw ng kanyang asawa.

2

Ang inaasahang makadurog-butong pagbunggo ay tila kay tagal mangyari, kaya naman unti-unti niyang iminulat ang mga mata. Nanlalabo pa iyon mula sa mariing pagkakapikit.

“Sarah, wake up! You’re gonna be late!” Napabalikwas siya sa malakas na sigaw na iyon ng isang pamilyar na boses.

Mabilis na pagtayo ang ginawa niya, kaya medyo nahilo pa siya. Nang mawala ang hilo ay nanlalaki ang mga mata ni Sarah na pinaikot ang paningin sa lugar kung nasaan siya ngayon.

Hindi niya maipaliwanag ang mga pangyayari. Nasaan na ang sasakyan na dapat ay babangga sa kanya? Nasaan na si James? Hindi mapakali ang kanyang paningin at kaliwa’t kanan niyang tiningnan ang kuwarto.

Hindi siya maaaring magkamali, ito ang kuwartong kinalakihan niya! Pero paanong

napunta siya dito? Hindi niya maintindihan ang nangyayari. Kumilos siya at dali-daling nagtungo sa banyo na nasa silid niya. Nagtungo siya sa shower at doon ay agad na binuksan iyon. Nanginig siya sa lamig ng tubig na lumabas mula roon. Ang ginawa niyang panggising sa sarili ay walang epekto at naroroon pa din siya sa banyo. Akala niya ay maibabalik siya ng ginawa sa piling ng kanyang asawa.

Naisip niya ang katangahang ginawa, ngayon tuloy ay basang-basa na siya maging ang damit na suot niya.

“Sarah! Breakfast is ready! Bumaba ka na at baka ma-late ka na!” muli ay narinig niyang sigaw ng isang pamilyar na boses.

Boses iyon ng kanyang ina, hindi siya maaaring magkamali. Mabilis siyang nagbihis at patakpong bumaba ng hagdanan. Napatigil pa siya nang maabot ang huling baitang, mabilis na hinanap ng kanyang mga mata ang ina niyang si Sally Dawson. Nang makita ito ay tumakbo siya papunta rito at yumakap nang mahigpit. Ngayon niya naramdaman ang lubhang pagka-miss sa ina na limang taon niyang hindi nakita o narinig man



lamang ang tinig.

“Good morning, anak. Maganda yata ang gising ng baby ko, ah.” Hinalikan nito ang noo niya.

“Ma, I miss you,” buong puso niyang turan.

“I miss you too, my baby. Kumain ka na at kanina pa ready si Mang Antonio para ihatid ka sa school,” pag-inform nito sa kanya.

Natigilan si Sarah. *Ha? School? Anong school? Twenty-six na ako. Isa pa, nag-drop out na ako.* Nakayakap pa rin siya sa kanyang ina, natatakot na baka muli itong mawala sa piling niya.

Dahan-dahan itong kumalas mula sa mahigpit niyang pagkakayakap. Tinitigan siya nito at tila nagtatanong ang mga mata kung ayos lang ba siya dahil ramdam nito ang kakaiba niyang kilos.

“What’s wrong?” untag nito. Umiling si Sarah at napangiti ito sa kanya. Naluha siya sa alaala ng ngiti na iyon ng ina, na ikinagulat nito.

“I love you, Ma.”

“I love you more, anak,” hawak ang pisngi niyang tugon nito. “Ang sweet talaga ng baby ko. Aba! Bilisan mo na at mahuhuli ka sa first day ng klase mo,” dugtong pa nito.

First day? Kunot ang noo niya na tinanong ang kausap. “First day ng ano, Ma?”

“College, anak. Nagbabakasyon pa rin ba ang utak mo?” Maging ang ginang ay halata na rin ang pagtataka sa mga ikinikilos niya. Halos magdikit na rin ang mga kilay nito sa pagkakakunot ng mga iyon. Hinimas nito ang kanyang noo. “Wala ka namang sakit, siguro tinatamad ka na naman,” nakapameywang na sabi nito.

“N-no, Ma. Kukunin ko lang po ang bag ko then aalis na po ako,” mabilis niyang sagot.

“Kumain ka muna ng breakfast,” utos nito

“Ma, sa biyahe na lang po ako kakain.” Muli siyang umakyat sa kuwarto, habol-habol ang hininga na isinara niya ang pinto. Napaupo siya mula sa pagkakasandal dito. First day of college... that means 2005 ngayon... Mabilis siyang tumayo at kinuha ang cellphone mula sa bag at kanyang nakumpirma mula sa date na naka-register doon na taong 2005 nga ngayon.

But how did this happen? hindi makapaniwalang tanong niya sa sarili.

“Sarah? Ready na ang pagkain mo, bumaba ka



na diyan!” sigaw ng ginang sa kanya.

“Yes, Ma! Saglit lang po.”



“Mang Tonio!” Patakbo niyang niyakap ang kanilang driver. Matagal na itong nagmamaneho para sa pamilya niya. Nagsimula ito noong binata pa ito kung saan ito ang driver ng kanyang ama, ngayon naman ay siya na ang ipinagmamaneho nito. Halos dalawampu’t limang taon na rin itong nagsisilbi sa kanila. Simula noong maliit pa lamang si Sarah ay nakikita na niya ang preseniya nito sa tahanan nila, kaya naman naging malapit siya dito.

Ama na ang turing niya kay Mang Antonio at ito naman ay anak na ang turing sa kanya. Dahil nga sa sobrang busy ng ama niya ay ito halos ang nagparamdam sa kanya ng pag-aaruga ng isang ama. Hindi na nga ito nakapag-asawa at wala itong naging anak.

“Good morning sa iyo, hija.” Natatawang ginantihan naman nito ang yakap na kanyang ibinahagi.

“I miss you, Mang Tonio.”

Tinitigan siya nito at makikita sa mga mata

nito ang pagkalito sa kanyang ikinikilos. “Tara na, hija, baka ma-late ka pa.” Gusto pa marahil nitong magtanong sa kanya, pero hindi na nito iyon ginawa. Bagkus ay pinagbuksan siya nito ng pinto sa likod ng kotse. Umiling siya at mabilis na naglakad patungo sa passenger seat ng kotse sa tabi ng driver na madalas niyang ginagawa.

Tapat at tunay ang pagmamahal nito sa pamilya. Noong panahon na nawala ang komunikasyon niya sa mga magulang ay paminsan-minsang dumadalaw ito sa bahay nila ni James at ibinabalita ang kalagayan ng mag-asawa.

Pero isang araw ay hindi na ito muling bumisita na lubos niyang ikinalungkot. Marahil ay nalaman ng kanyang ama ang pagpuntang iyon ng driver, binantaan siguro ito na mawawalan ng trabaho kung ipagpapatuloy nito ang ginagawa. Kung ano man ang naging problema o dahilan ng pagtigil ng matanda sa pagbisita ay hindi na niya iyon malalaman pa.

“Kumusta po?” untag niya rito. Panandalian namang napalingon sa kanya si Mang Tonio.

“Mabuti naman, hija. Mas masaya na ako



ngayon kasi araw-araw na ulit kitang maihahatid, hindi tulad noong nagbabakasyon ka na bibihira kitang makita.” Malaki ang ngiti sa labi na muli siyang nilingon nito. “Excited ka na ba sa unang araw mo?” dugtong pa nito.

“Kinakabahan po ako. Actually, natatakot po ako,” imporma ni Sarah.

“Kaya mo ’yan, hija, ikaw pa at napakabait mo. Isa pa, ngitian mo lang ang mga iyon at magkukumahog sila na maging kaibigan ka. Aba, kay ganda yata ng dalaga ko.”

“Kayo po talaga, sobrang mapagbiro, kaya po close tayo, eh. Salamat po sa pagpapalakas ng loob ko.”

“Basta isang text at tawag mo lang ay darating agad ako. Ano nga pala ang oras ng uwi mo?”

“Ahm...” Kinuha ni Sarah ang registration form sa bag at doon ay tiningnan ang oras ng kanyang pag-uwi. “Alas cuatro po, Mang Tonio. Umuwi na lang po muna kayo pagkahatid sa akin. Mahaba po kasi ang oras na aantayin n’yo, baka mainip kayo at mapagod. Tatawagan ko na lang po kayo kung mapapaaga man ako ng uwi.”

“Sige, hija, ikaw ang bahala.”

Habang binabaybay ang daan patungo sa papasukan niyang unibersidad na halos tatlumpong minuto din ang layo mula sa kanilang bahay ay sinariwa ni Sarah ang tunay na unang araw niya noon sa klase.

Marami na ang tao noon sa kanilang silid-aralan. Napansin din niya na ang lahat ay halos magkakakilala na kaya naman nagpalinga-linga siya at nakita ang isang babae na nakaupo malapit sa bintana ng silid at wala itong katabi. Minabuti niyang tabihan ito. Hindi niya rin naman ito kinausap agad-agad, bagkus ay nag-iipon pa siya ng lakas ng loob para kausapin ito.

“H-hi” sabay nilang pagkakasabi sa katagang iyon na sabay din nilang ikinatawa. Naisip niya na maging ito pala ay nag-iipon din ng lakas ng loob para kausapin siya. Naiilang at panandaliang napakamot siya sa ulo.

“Ano nga pala ang pangalan mo?” nauna niyang pagtatanong sa dalaga.

“Katherine Chen.” Nakangiting iniabot nito ang palad para makapagkamay sa kanya.

“Chinese?” Tumango bilang pagtugon. “I’m Sarah Dawson.” Agad niyang inabot ang kamay



nito.

“I like the sound of your surname, Dawson. It sounded rich and you might be disturbed on what I’m about to say but... it also sounded sexy,” nakataas ang isang kilay na pahayag nito.

“I like you, you’re honest. I think we are going to be best friends.” Isang malaking ngiti ang isinukli niya sa matapat nitong pahayag sa kanya.

“I think so too!”

Malaki ang ngiti sa labi ni Sarah nang maalala niya ang araw na mahanap niya ang kanyang best friend, na suportado ang lahat ng desisyon maging ang pagpapaksal niya kay James kahit na malaki ang naging pagtutol ng pamilya niya.

Nakarating na siya sa *Cornerstone University*, ang alma mater ng mga magulang niya, kaya hindi kataka-takang siya ay mag-aaral din dito. Medyo nape-pressure siya dahil ang ama niya ay nakapagtapos nang may karangalan at ang nanay naman niya ay maganda din ang nakuhang grades noon.

Masayang inilibot niya ang paningin sa paligid ng paaralan, maraming alaala ang ngayon ay bumalik at tumatakbo sa kanyang isipan, na

nagdudulot ng lubos na kasiyahan sa puso niya.

Napapikit si Sarah at tahimik na sinariwa ang mga taon na ginugol niya sa pag-aaral sa naturang universidad. Huminga siya nang malalim na tila sinasariwa ang paligid na iniwan niya nang mag-asawa siya. Ngayon na nagbabalik siya, parang magaan ang pakiramdam niya. It's good to be back.

“Nandito na tayo,” imporma ni Mang Antonio nang inihinto nito ang sasakyan sa tapat ng building na kinaroroonan ng kanyang silid-aralan. “Anak, kaya mo 'yan.” Hinawakan pa nito ang magkabila niyang kamay nang sabihin ang mga katagang iyon. Sa simpleng ginawa nito ay lumakas naman ang loob niya.

“Thank you, 'Tay.” Mabilis at panandaliang niyakap niya ito bago lumabas na ng sasakyan at naglakad papasok ng building.

Paanong approach kaya ang gagawin ko kay Katherine? isip-isip niya nang umakyat sa third floor ng building na iyon patungo sa classroom. Ah I know.



Tulad ng dati ay marami na rin ang mga



estudyanteng nasa kanilang silid-aralan. Natigil ang mahinang bulungan doon nang pumasok sa classroom si Sarah. Agad niyang tiningnan ang kinaroroonan ng dalaga na naging matalik na kaibigan niya. Bumilis ang tibok ng puso niya nang muli ay makita ang kanyang hinahanap.

Mabagal siyang naglakad patungo sa katabing upuan nito na tulad noon ay bakante pa rin. Nag-ipon siya ng lakas ng loob bago ito harapin at kausapin. Pagkalingon niya ay napalingon din naman ito sa kanya na halatang may sasabihin dahil sa pagbuka ng bibig nito. Pero walang salitang lumabas doon, makikita sa reaksyon nito na nagulat ito sa sabay nilang pagharap sa isa't isa. Bago pa man siya takasan ng tapang ay nauna na siyang magsalita.

“Hi! I’m Sarah,” imporma niya at iniabot ang kanyang kamay.

“I’m K—”

“Let me guess... you’re Katherine,” sabad niya dito.

“OMG! How did you do that?” nanlalaki ang mga matang saad nito na gulat na gulat nang mahulaan niya ang pangalan nito.

Well, actually we've met before. Ewan ko kung ano'ng nangyari sa universe at ibinalik ako sa oras na ito. Here I am, introducing myself once again. Kahit sino man ang makarinig niyon ay ituturing siyang baliw, kaya sa sarili niya lamang ito sinabi.

“Lucky guess? And also gusto kong ma-impress kita.” *Liar*, kastigo niya sa sarili.

“Bakit naman? ”

“For us to be friends.”

“I have something much better.”

“What?” takang tanong niya dahil kita sa mukha nito na tila may kalokohan itong iniisip.

“Best friends!” tugon ni Katherine at siya ay niyakap. Ginantihan naman niya ng isang mahigpit na yakap ang ginawa nito na agad ding tinapos ng babae. Gusto pa sana niyang manatiling yakap ito, pero alam niya na magtataka ito kapag ginawa niya iyon.

Isang buwan din kasi niyang hindi nakita ang dalaga dahil sa nagtatrabaho na ito at madalas na itong busy matapos ma-promote sa trabaho. Masayang-masaya naman si Sarah nang mabalitaan niya iyon, pero kapalit din niyon ay



ang hindi na nila pagkikita nang madalas lalo pa at ito na lamang ang natira sa nakaraan niya nang araw na magpakasal sila ng asawa.

Ang araw ng kasal ni Sarah ay araw din ng paglaho ng mga tao sa buhay niya, na bumuo sa kung sino siya ngayon. Hindi kasi matanggap ng mga magulang niya ang lalaking piniling ibigin ng kanyang puso. Siya naman ay hindi kayang mabuhay nang wala si James at ito ang naging kapalit ng kanyang desisyon.



Inalam nila ang hilig ng isa't isa. Napag-alaman ni Sarah na photography pala ang hilig ni Katherine.

Of course I already know that.

Samantalang siya ay nasabi niya na gusto niyang maging varsity player ng kanilang volleyball team. Hindi niya nabanggit ang bagay na ito sa dalaga nang unang magkita sila.

Noong nasa kanilang Physical Education subject sila at volleyball ang sport na dapat nilang laruin ay dito lamang nalaman ni Katherine na magaling siyang maglaro.

“That’s perfect, Sarah! Si Ate Danny, ’yung

nakatatanda kong kapatid, siya 'yung captain ng volleyball team ngayon. Mamaya itatanong ko sa kanya kung kailan 'yung tryout para makapaghanda ka," excited na imporma nito sa kanya.

"Parang bigla akong nahiya."

"Kaya mo 'yan! Pupunta din ako para suportahan kita." Kinindatan pa siya nito.

"Talaga? Sige, I'll do my best para makapasok sa team. Ayan, may subject ka na sa kukunan mo."

"Ha? Sino?"

"Eh, di... ako, ang star player ng volleyball team natin." Kanina lamang ay hiyang-hiya pa siya, ngayon ay parang nasobrahan na yata ang lakas ng loob niya nang malaman na manonood ang kanyang best friend sa tryout.

"Girl, kape gusto mo? Para kabahan ka naman."

Nagtawanan silang dalawa at napalingon ang ilan sa mga kaklase nila noon. Buti na lamang at malayo sila sa kanilang professor at hindi ito napalingon sa kinaroroonan nila.

Nagpalitan sila ng numero nang malapit



nang matapos ang klase. Blockmates din sila kaya naman pareho ang kanilang schedule buong semester. Nang matapos ang una nilang subject ay masuwerte namang break nila kaya nagpatuloy sila sa kuwentuhan.

Masayang umuwi si Sarah, dahil sa pagbalik ng panahon ay nagkaroon siya ng ikalawang pagkakataon na makasamang muli ang mga taong mahal niya sa buhay na pakiramdam niya ay madaling nawala sa kanya simula nang pakasalan niya si James.

3

Positibo niyang haharapin ang pangalawang pagkakataon na ibinigay sa kanya. Ito ang naipangako ni Sarah sa sarili. Kahit na maaaring hindi niya makilala ang asawa sa pangalawang pagkakataon na ito ay wala siyang panghihinayang na nadarama.

Marahil maaga pa para sabihin ang mga bagay na ito, pero sa kalagayan ng puso niya ngayon ay panatag at masaya siya. Masaya siya sa katotohanan na makakasama niyang muli ang mga magulang at mga kaibigan na tunay na importante sa buhay niya.

Ipinagpalit ni Sarah ang buhay na nakasanayan makasama lamang ang asawa, pero ngayon na muli siyang bubuo ng kanyang hinaharap ay wala siyang lungkot na mahagilap sa puso.

Marahil ang pagsasama na iyon sa asawa ay nakatakdang mabuwag simula nang itakwil siya

ng kanyang pamilya.



“Just asked my ate about the tryout... and she said that it will start next week.” Iyon ang nilalaman ng text message mula kay Katherine.

“Thank you... that was fast :P” pabiro niyang tugon dito.

“Siyempre... sisikat ako nito pag nalaman ng lahat na may best friend akong varsity player. Haha!”

“Hindi pa nga ako nakakapasok, eh...”

“Basta ramdam ko pasok ka na! Kaya mo ’yan, support talaga ako sa ’yo sa araw na ’yun.”

“Anong oras ba ’yung tryout?” usisa niya.

“5 pm onwards daw sabi ni Ate.”

“Okay, maghahanda na ako para diyan. See you bukas, maaga pa pasok natin.”

“Haha! Oo nga. Sige, ’bye. Good night, best friend.”

“Good night din, best friend.”

Ipinikit ni Sarah ang kanyang mga mata at agad siyang nakatulog. Itinuring niyang pinakamasarap na tulog niya ang gabing iyon. Wala siyang nadamang kalungkutan na maaaring

ibunga ng pagka-miss niya sa asawa, bagkus ay hindi sumagi sa kanyang isip ang kalagayan ng lalaki. Samantalang noong nagsasama sila ay gabi-gabi niyang hinihiling sa Panginoon na sana ay mapatawad siya ng mga magulang at matanggap ng mga ito ang desisyon niyang magpakasal kay James.

Sa loob ng limang taon ay iyon ang naging laman ng panalangin ni Sarah. Ngayong kasama niyang muli ang mga magulang ay kapayapaan ang kanyang nadama, kapayapaan na hindi niya mahanap sa puso sa tuwing maiiwan siya ng asawa na mag-isa sa kanilang tahanan kung saan nalulunod siya sa kalungkutang nadarama na panandaliang nawawaglit sa pag-uwi nito.



Pansin na antok na antok si Katherine sa pagpasok kinabukasan. Sa tuwing lilingunin niya ang kaibigan ay saktong naghihikab ito samantalang siya ay walang bakas ng antok na makikita sa mga mata. Kagabi ang pinakamasarap at pinakamahaba niyang tulog sa loob ng limang taon. Except for that magical night. Ang unang gabing pinagsaluhan nila ni James bilang mag-



asawa at bilang dalawang tao na may kapasidad na bumuo ng pamilya ay nakalimutan pa nilang gumamit ng proteksyon. Mabuti na lamang at hindi nagbunga ang ginawa nila.

She remembered James's hot and wet kisses on her lips that slowly crawled down her neck, shoulders and her breasts... sucking at each one of them like a hungry child and truly taking his time on each of her breast. Hindi niya alam kung labi o dila ba nito ang lumalapat sa kanyang balat, basta ang tanging nararamdaman niya ay ang sensasyong bumalot sa kanyang pagkatao nang maiinit na sandaling iyon.

“Miss Dawson?” tawag sa kanya ng kanilang professor.

Isang mahinang tulak mula kay Katherine ang nagpagising sa kanya. Namula ang mukha ni Sarah nang kanyang maiangat ang paningin at nakita niya na lahat ng pares ng mga matang naroroon sa silid na iyon ay nakatingin sa kanya. Agad siyang tumayo na tila kinuryente.

“Mukhang malalim yata ang iniisip mo?” usisa ng kanilang guro. “Care to share them, Miss Dawson?”

“Uhm... ’yung phone ko po kasi naiwan ko po sa bahay.” *Nice one, Sarah.*

“Oh... alright, sit down,” masungit na sabi nito sa kanya.

“Naiwan pala ang phone, ha? Eh, parang nakita ko kanina na tumawag ka pa,” biro ni Katherine nang mapansin na nagsisinungaling siya sa kanilang guro.

“Shh... he doesn’t know that,” saway niya rito.

“Not bad, Sarah... may kapilyahan ka palang itinatago.” Natawa siya nang mahina sa sinabing iyon ni Katherine. Agad naman siyang binigyan ng warning look ng kanilang professor. Tahimik nilang tinapos ang klase na iyon.



Naglalakad sila sa hallway nang mapansin nila ang nakapaskil sa bulletin board.

Are you a freshman?

Get ready to meet other freshmen

In FRESHMANIA 2005

As we welcome you to

Cornerstone University.

Be there and wear YOUR STYLE

June 15, 2005, Wednesday 17:00 – 20:00

At Cornerstone Function Hall.

Food and drinks are provided.

“Oh, no...” turan ni Katherine.

“Bakit?”

“Sabay sa tryout mo. Sayang naman.”

“That’s too bad... if you want, ikaw na lang ang pumunta diyan, bestie.”

“Ayoko nga! Siyempre susuportahan pa din kita.”

“Aww, sweet mo naman, bestie.” Niyakap niya ito nang panandalian, siya pa rin ang pinili nito at hindi ang pag-attend sa party na iyon. “Pag maaga natapos ’yung tryout, habol na lang tayo,” maagap na suhestyon niya.

“Good idea, bestie. Basta i-che-cheer kita. Galingan mo, ha?”

“Siyempre naman, ako pa.” Isang mahinang hampas naman ang ginawa sa kanya ng dalaga dahil sa kayabangan niya.

Hinding-hindi malilimot ni Sarah ang FRESHMANIA dahil doon niya unang nasilayan

si James.

Nabangga niya noon si James nang hindi sinasadya dahil tinawag siya ni Katherine para makuha ang atensyon niya, may gusto itong sabihin sa kanya. Napaatras siya, dahilan para matapakan niya ang paa ng lalaki.

“I’m sorry, hindi ko sinasadya,” maagap niyang paghingi ng paumanhin.

Tinitigan siya nito at tila natulala pa sa kanya. Nagulat marahil ito sa makapal niyang makeup nang mga oras na iyon. Rocker kasi ang style na ginawa ni Sarah nang gabing iyon, taliwas sa mala-anghel niyang imahe.

Hindi nakatakas sa kanyang paningin ang nabasang polo ng lalaki dahil tumapon ang hawak niyang inumin sa damit nito, nakasuot pa naman ito ng puting polo.

“Don’t worry about it,” sagot nito na medyo iritableng ikinumpas ang kamay na parang isa siyang bangaw na mabilis na itinataboy.

“I’m really sorry... here, let me pay for your shirt,” inis na sabi ni Sarah, hindi nagustuhan ang kayabangan nito. Dali-dali niyang kinuha ang wallet mula sa kanyang bag at iniabot ang isang libo dito.



“Are you for real? Ganyan ka ba kayaman at babayaran mo na lang ako nang basta-basta?”

“No, no, no... I’m sorry talaga... O sige, I’ll do anything just to clear this misunderstanding between us.”

“Alright... I do like the sound of that.”

Mapanukso siyang nginitian nito. That smirk sent immediate chills to her body. “May I ask for your name and number then?”

“What?”

“I said your name and number.” Iniabot sa kanya ng kausap ang cellphone nito at doon ay sinave niya ang kanyang pangalan at numero.

Thank God at hindi na siya nag-isip ng kung anong kalokohan na maaaring ipagawa sa 'kin. Buti na lang at number at pangalan ko lang ang hiningi niya. Hmm... kung kay Kat kaya 'yung ilagay ko dito? Huwag na nga, mukhang mabait naman siya. Isa pa, gwapo din siya.

Matapos malagay ang pangalan at numero sa cellphone, ibinalik naman iyon agad ni Sarah. Tumalikod na siya sa lalaki nang biglang mag-ring ang cellphone niya. Numero lamang ang lumabas doon, kaya hinayaan niya munang mag-ring iyon

nang apat na beses.

“Hello?”

“Hi, Sarah.”

Narinig niyang malapit lamang ang pinanggalingan ng boses na iyon, kaya naman nilingon niya ang nagmamay-ari. Nakita niya ang lalaking pinagbigyan niya ng kanyang numero na matiim siyang tinitingnan, nakadikit din sa tenga nito ang cellphone kaya marahil ay ito ang tumawag sa kanya.

“By the way, I’m James... just making sure that this really is your number. I think you better save my number, I have a feeling that I’ll be calling you a lot.” Kinindatan siya nito matapos putulin ang pagtawag sa kanya.

Sarah rolled her eyes at him at malakas na tinawanan siya nito. Hindi nakatakas sa paningin niya ang dimples nito, maging ang mapuputi at pantay nitong mga ngipin.

Kumabog ang dibdib niya dahil aminado siya na magandang lalaki ang kaharap.

“See you around,” pahabol pa nito at tuluyan na siyang iniwan.





“Hoy! Okay ka lang?” malakas na tanong ni Katherine sa kanya.

Tila natauhan si Sarah mula sa pagkatulala. “Ha? Ah, oo naman,” depensa niya.

“Sigurado ka? Kasi kanina pa ako dumadaldal habang naglalakad, akala ko naman sinundan mo ako. ’Yun pala para akong tanga at nagsasalita mag-isa,” paliwanag nito. “Alam mo kahit gaano ka pa katagal tumitig diyan, hindi na magbabago ang date na nakalagay diyan,” dugtong pa nito.

“Sorry, may naalala lang ako.”

“Pansin ko nga!” tila nagtatampong tugon nito.

“Sorry na... libre na lang kita ng lunch,” mabilis na pag-aya ni Sarah. Napansin naman niya ang mabilis na pagkinang ng mga mata ng kaibigan.

“Sige ba! Saan tayo kakain?” masayang tanong nito.

“Kapag pagkain talaga, ang bilis mo!” pang-aasar niya dito.

“Hindi, ah. Narinig ko kasi ’yung libre, doon ako mabilis. So saan nga tayo kakain?”

Natawa siya nang malakas sa turan ng

kaibigan. “Kahit saan. Ikaw na’ng bahalang pumili ng kakainan natin.”

“Talaga? Tara... mag-ready na ’yang wallet mo, bestie, at oorder ako nang marami.” Dali-dali siyang hinila nito patungo sa gate ng kanilang campus.

“O, saan tayo pupunta?” takang tanong niya.

“Eh, di lalabas at sasakay ng jeep,” maagap na sagot nito.

“Ah... eh... may sasakyan ako. Gusto mo ’yun na lang gamitin natin?”

“What! May sasakyan ka, so marunong ka mag-drive? Astig!”

“Well, technically, si Mang Tonio ’yung magda-drive sa atin.” Napakamot siya sa ulo nang sabihin iyon.

“Are you serious? May sarili kang driver?” nanlalaki ang mga matang tanong nito.

“Well, he’s not really a driver, more like a family. He’s been with us for twenty-five years,” paliwanag niya ukol sa relasyon niya kay Mang Antonio.

“Gan’un ba? Wow, ang tagal na pala! Ang suwerte naman niya sa pamilya n’yo.”



“No, mas masuwerte kami. Tara, ipapakilala na kita,” yakag niya sa kaibigan.

“Game! Ang saya naman nito!”

Tinawagan niya si Mang Antonio habang binabaybay ang daan patungo sa parking lot. Ipinaliwanag niya dito ang plano niyang kumain sa labas kasama ang kaibigan.

Nang marating nila ang parking lot ay niyakap ni Katherine ang matanda. Nagulat marahil ito sa ginawa ng babae dahil pansin niya ang paninigas ng katawan nito. Pinauna niyang sumakay si Katherine sa kotse, agad naman siyang binulungan ng driver.

“Mukhang mabait ang kaibigan mo, ah.”

Natuwa si Sarah nang makuha ng best friend niya ang approval nito dahil si Mang Antonio ay itinuturing niyang ama.